



MENSAHE, World Theater Day 2015

ANG mga tunay na diyos ng teatro ay kadalasan nang makikita malayo sa mga tanghalan. Hindi nila tinitingnan ang teatro bilang makina na kumokopya at inuulit lamang ang mga gasgas nang panoorin. Sinasaliksik nila ang tumitibok na bukal, ang humihingang daloy na nilalagpasan ang mga entablado at pangkat ng mga taong ginagaya lamang ang mundo ng iba. Nangongopya sa halip na lumikha ng mundo na nakatutok at nagtitiwala sa pakikipagdebate sa madla, sa mga damdaming humuhulagpos mula sa pagkakakubli sa ilalim. Sa kabuuan, wala nang hihigit pa sa tanghalan sa pagsisiwalat ng mga dapat ibunyag sa sangkatauhan.

Madalas, ginagamit ko ang prosa bilang gabay. Gabi at araw ay naiisip ko ang mga manunulat na halos 100 taon na ang nakakaraan ay may pagka-propetang nangusap sa pagkupas ng mga Europeong diyos. Inilarawan ang takipsilim na lumamon sa sibilisasyon at hanggang ngayon ay walang banaag ang liwanag. Naiisip ko tuloy sina Franz Kafka, Thomas Mann at Marcel Proust. Ngayon, isinasama ko na si John Maxwell Coetzee sa pangkat ng mga propeta.

Ang ordinaryong paniniwala ay hindi maiiwasan ang wakas ng mundo – hindi ng planeta kundi ng modelo ng pang-sangkatauhang relasyon – at ng pang-lipunang kaayusan at pag-aalsa, ay laging lumiligalig sa atin. Sa atin na mabubuhay pa matapos magunaw ang mundo. Tayong nabubuhay sa harap ng mga krimen at sigalutang nangyayari araw-araw na maging maliliksing media coverage ay nahihirapang sumabay. Ang apoy nito’y nagiging karaniwan at nakakasawaan, at hindi na rin pansin ng media. Ramdam tuloy natin ang kawalang-pag-asa, takot at kagipitan. Hindi na natin tuloy kaya pang gumawa ng mga tore, at hindi na rin tayo kayang protektahan ng pader na buong sikap nating itinayo – maging sila’y nangangailangan ng ating pagsasanggalang at pangangalaga na umuubos sa ating lakas. Wala na rin tayong lakas na masusubok pa, wala na ring pananaw palabas ng pintuan, sa likod ng pader. Iyan ang eksaktong dahilan kung bakit kailangan ang teatro, at kung saan dito rin dapat humugot ng lakas. Upang silipin ang loob kung saan ang tumingin ay kabawal-bawalan.

“Ang mga alamat ay humahanap ng paliwanag sa mga hindi maipaliwanag. Sapagkat naka-kawing sa katotohanan, kailangan na ito’y magwakas sa hindi-kayang-ipaliwanag,” ganyan ang paliwanag ni Kafka sa pagbabagong-anyo ng alamat ni Prometheus. Iyan din ang paniniwala ko kung paano ipapaliwanag ang teatro. At ang uring iyan ng teatro, na naka-kawing sa katotohanan, ay nararating ang wakas sa hindi maipaliwanag na yugto na pangarap ko sa lahat ng manggagawa dito, sila na nasa tanghalan at sila na nanonood, at hangad ko iyan mula sa kaibuturan ng aking puso.